Lumahok online: Abril 1 – Abril 20, 2021

South Tacoma and Lakewood Stations Access Improvements

Paano makakaapekto ang COVID-19 sa mga proyektong ito?

X

Ang pag-urong ng COVID-19 ay lubos na nagbawas ng mga kita na nakasalalay sa Sound Transit upang mapalawak ang aming sistema ng pang-rehiyon na pagbiyahe, habang ang mga gastos sa real estate at konstruksyon sa aming lugar ay patuloy na dumarami. Sa dahilan na walang mga alternatibong mapagkukunan ng kita, hindi maihahatid ng Sound Transit ang maraming mga proyekto na naaprubahan ng mga botante sa kanilang orihinal na mga timeline. Sa pamamagitan ng proseso na tinawag na realignment, ang Sound Transit Board of Directors ay gumagana upang matukoy kung paano ang mga plano at iskedyul para sa maraming mga proyekto, kabilang ang pagpapabuti ng South Tacoma at Lakewood Station Access, ay kailangang baguhin upang matugunan ang mga kagipitan na pinansyal. Alamin ang higit pa dito.

Maligayang pagdating

Pagpapadali sa pagsakay sa panrehiyong transit

Sinisikap ng Sound Transit na gawing mas madali ang panrehiyong transit para sa lahat. Gusto naming malaman ang iyong opinyon kung paano namin mapapabuti ang karanasan sa pagpunta sa mga tren ng Sounder at mga panrehiyong bus sa South Tacoma at Lakewood.

Kinokonekta ng serbisyo ng Sounder South tuwing Lunes hanggang Biyernes ang Lakewood at Seattle, na may pitong hintuan na madaraanan.

Ano ang pinaplano namin?

Ang mga proyekto ng pagpapabuti sa mga daanan papunta sa istasyon ay maaaring mangahulugan ng mga pamumuhunan sa mga bagay gaya ng mga mas ligtas na koneksyon para sa lakaran at pagbibisikleta sa pagitan ng mga istasyon at nakapaligid na kapitbahayan; mas maayos na lugar para sa pagsakay at pagbaba; karagdagang ilaw at silungan sa istasyon; mga opsyon para sa paradahan at marami pang iba.

Kasalukuyan kaming nasa yugto ng maagang pagpaplano para sa South Tacoma at Lakewood. Sa yugtong ito, bumubuo kami at inihahambing namin ang mga posibleng pagpapabuti para matugunan ang mga layunin ng mga proyekto, kagaya ng nakabalangkas sa ibaba, sa pakikipagtulungan sa lokal na mga ahensya, organisasyon at grupo sa komunidad. Pagkatapos nito, pipili ang Lupon ng Sound Transit (Sound Transit Board) ng grupo na magpapabuti sa pagpapatuloy ng susunod na hakbang ng pagpaplano, at uumpisahan namin ang pagdidisenyo ng mga konsepto at pagsusuri sa kapaligiran.

Mga uri ng pagpapabuti sa mga daanan papunta sa istasyon

Ano ang posible?

Ang pagpaplano ng mas maayos na mga daanan papunta sa istasyon ay mangangahulugan mas ligtas na mga ruta para sa lakaran at pagbibisikleta malapit sa mga istasyon, mga opsyon ng paradahan at marami pang iba.

Mga pagpapabuti sa daanan ng mga taong naglalakad

Malapit sa mga istasyon ng South Tacoma at Lakewood, kagaya ng:

- Paglalagay o pag-a-upgrade ng mga bangketa.
- Pagpapabuti ng mga tawiran alinsunod sa Batas para sa Mga Amerikanong may Mga Kapansanan (Americans with Disabilities Act).
- Pagpapabuti ng mga ilaw sa istasyon at/o kalsada.
- Paglikha ng mga mas direktang koneksyon sa pagitan ng mga istasyon at sa kalapit na mga komunidad.

Mga pagpapabuti sa daanan ng bisikleta

Malapit sa mga istasyon ng South Tacoma at Lakewood, kagaya ng:

- Konstruksyon ng bago o pagpapabuti sa mga kasalukuyang koneksyon ng bisikleta sa istasyon (hal., regular o protektadong mga daanan ng bisikleta, mga greenway ng bisikleta, mga trail).
- Pagdaragdag ng mga karatulang nagbibigay ng direksyon para sa mga siklista.
- Paglikha ng karagdagan o pagpapabuti ng kasalukuyang paradahan ng bisikleta sa mga istasyon.

Mga koneksyon ng transit

Malapit sa mga istasyon ng South Tacoma at Lakewood, kagaya ng:

- Paglalagay ng mas maayos na mga bus zone at silungan.
- Pagdaragdag ng transit signal priority sa mga piling interseksyon.

Daanan ng mga sasakyan papunta sa istasyon

Sa loob ng mga kasalukuyang lugar ng istasyon sa South Tacoma at Lakewood, kagaya ng:

- Pagpapabuti sa mga lokasyon ng sakayan/babaan.
- Pagpapabuti sa daloy ng trapiko papunta/paalis sa mga istasyon sa pamamagitan ng mga pagbabago sa hudyat/karatula.
- Pagdaragdag o pagpapabuti ng mga paradahan sa pamamagitan ng mga opsyong kagaya ng bagong pinagsasaluhang puwesto o pag-upa sa karagdagang lote sa malapit.

Pangkalahatang amenity sa istasyon

Sa loob ng mga kasalukuyang lugar ng istasyon sa South Tacoma at Lakewood, kagaya ng:

- Pagdaragdag ng ilaw at mga rampa sa gilid ng bangketa na madaling madadaanan ng mga ADA

- Pagdaragdag ng mas maraming upuan.
- Karagdagang proteksyon mula sa hangin/ulan.

Mga tunguhin at layunin

Gagamitin namin ang sumusunod na mga tunguhin at layunin para masuri ang potensyal na mga pagpapabuti. Mangyaring sabihin sa amin kung mayroon kaming anumang nakaligtaan sa mga survey ng Istasyon ng South Tacoma at Istasyon ng Lakewood.

Pagiging abot-kaya

Tiyaking naaayon sa Pampinansyal na Plano ng Sound Transit (Sound Transit Financial Plan) ang grupo ng mga pagpapabuti.

Mga Daananan Papunta sa Istasyon

Siguraduhin at gawing mas maayos ang mga koneksyon sa pagitan ng iba't ibang uri ng transportasyon.

Mga Layunin

- Gawing mas maayos ang koneksyon para sa mga komunidad na kulang ang serbisyo o hindi gaanong napaglilingkuran.
- Tugunan ang malaking balakid sa pagbiyahe (halimbawa, mga pagitan sa bangketa o kulang na koneksyon sa transit).
- Magbigay ng mga koneksyon sa mga destinasyon sa komunidad (gaya ng mga amenity, sentro ng pagtatrabaho o lugar na maraming bahay).
- Panatilihin ang mga kasalukuyang pasahero at mang-akit ng bagong mga pasahero.

Karanasan ng pasahero

Pagandahin ang karanasan ng mga pasahero sa istasyon, nang may pagtuon sa mga komunidad na kulang sa serbisyo o di-gaanong napaglilingkuran.

Layunin

- Gawing mas komportable ang istasyon para sa mga taong may kapansanan (kagaya ng mga ilaw, rampa sa gilid ng bangketa at upuan)

Kapaligiran

Pauntiin ang mga negatibong epekto sa likas at itinayong kapaligiran.

Mga Layunin

- Pauntiin ang mga negatibong epekto sa mga komunidad na kulang sa serbisyo o di-gaanong napaglilingkuran (kagaya ng mga pagpapaalis sa pabahay o negosyo).
- Pauntiin ang mga negatibong epekto sa likas na kapaligiran (kagaya ng mga epekto sa mga latian, batis o iba pang likas na yaman).
- Pauntiin ang mga negatibong epekto sa itinayong kapaligiran (kagaya ng mga epekto sa mga taong naglalakad).

Pakikipatulungan

Gawing mas maayos ang kabuuang koneksyon sa pagitan ng istasyon patungo sa nakapaligid na kapitbahayan sa pakikipagtulungan sa lungsod at mga stakeholder.

Mga Layunin

- Manatiling nakaayon sa kasalukuyang mga zoning, plano at patakaran, pati na rin sa mga tunguhin ng mga ahensya ng transit at mga lokal na pamahalaan.
- Suportahan at bigyan ng benepisyo ang lokal na mga komunidad at tiyakin ang pagkakaayon sa kapitbahayan.

Ibahagi ang mga naiisip mo

Alamin ang higit pa tungkol sa mga lugar ng Istasyon ng South Tacoma at Istasyon ng Lakewood at ibahagi ang mga ideya ninyo kung paano mas mapapadali ang pagpaparoo't parito sa mga kapitbahayang ito at kung paano mas mapapadali ang pagkonekta ng mga bus at mga tren ng Sounder.

Istasyon ng South Tacoma

Magkomento sa Istasyon ng South Tacoma!

Istasyon ng Lakewood

Magkomento sa Istasyon ng Lakewood!

Mga Pagpapabuti sa mga Daanan Papunta sa Istasyon ng South Tacoma

Tulungang gabayan ang mga bagong pamumuhunan sa lugar ng Istasyon ng South Tacoma

Ginagawang mas maayos ng Sound Transit ang mga daanan papunta sa Istasyon ng South Tacoma para sa mga taong naglalakad, nagbibisikleta, nagmamaneho o sumasakay sa transit. Nasa yugto kami ng maagang pagpaplano, at tinitingnan namin ang maraming paraan para mapabuti ang mga koneksyon sa Istasyon ng South Tacoma, at kailangan namin ang inyong ideya! Paano mas mapapadali ng Sound Transit ang pagpunta sa panrehiyong transit sa South Tacoma?

Lugar sa Istasyon ng South Tacoma



Tungkol sa serbisyo ng Sounder sa Istasyon ng South Tacoma

Lunes hanggang Biyernes:

Maaasahan, walang trapikong serbisyo na nagkokonekta ng South Tacoma sa Seattle.

Sa hinaharap:

Kapag ligtas nang makakabalik ang mga sports event at iba pang pampublikong event, ang mga tren ng Sounder para sa espesyal na event
ang pinakamagandang paraan para makapunta roon.
Maghanap ng piling serbisyo para sa mga palaro sa katapusan ng linggo ng Mariners, Sounders FC at Seahawks, at marami pang iba.

Alam niyo ba?

7 biyahe sa umaga at gabi mula


South End Recreation and Adventure Campus
STAR Center
S Adams St
South Tacoma Way
Puget Sound Ave
S 66th St
53
41
Istasyon ng Sounder
Sounder commuter rail
Kasalukuyang bangketa
Mga hudyat sa tawiran ng mga taong naglalakad
Mga umiiral na pasilidad ng bisikleta
Garaheng paradahan
Mga pinondohang pagpapahusay sa pasilidad para sa taong naglalakad at para sa bisikleta
Ruta ng bus

Mapa ng lugar na malapit sa Istasyon ng South Tacoma | I-click para lumaki

Istasyon ng South Tacoma ngayon -

Istasyon:

- 220 espasyong paradahan
- Mga bicycle locker at rack
- Sakayan/babaan ng pasahero

Kalapit:

- Dalawang bloke mula sa Ruta 3 ng Pierce Transit, na nagseserbisyo sa mga kapitbahayan sa pagitan ng Lakewood at kabayanan ng Tacoma
- Wala pang isang milya mula sa STAR Center
- Sangkapat na milya mula sa distrito ng negosyo ng South Tacoma

Kailangan namin ang inyong ideya -



Tanawin mula sa itaas ng Istasyon ng South Tacoma | I-click para lumaki

Ang unang hakbang sa pagpapabuti ng mga daanan papunta sa Istasyon ng South Tacoma ay ang pagtukoy ng mga uri ng pagpapabuting makakasuporta sa komunidad at naaakma sa kapitbahayan. Paano kayong mas madaling makakarating sa istasyon, o sa mga lugar sa paligid ng istasyon? Pakitulungan kami sa pamamagitan ng pagsagot sa survey sa ibaba hanggang Abril 20 para masabi sa amin ang tungkol sa inyong mga priyoridad.

Lunes hanggang Biyernes

230 sumasakay araw-araw

70 minuto mula sa South Tacoma → Seattle

Komento sa mga daanan papunta sa Istasyon ng South Tacoma 💬

Nakasakay ka na ba sa Sounder mula sa Istasyon ng South Tacoma?

○ Oo
○ Hindi

Mayroon pa bang anumang karagdagang tunguhin na dapat naming isaalang-alang habang tinutukoy at sinusuri namin ang potensyal na mga pagpapabuti?

Paano magiging mas madali at mas ligtas para sa inyo ang paglalakad, o pagsakay sa kapitbahayan?

Mayroon ba kayong anumang hamon o obserbasyon na gusto ninyong ibahagi tungkol sa pagpunta at pag-alis mula sa istasyon na ito, o tungkol sa pagsakay sa Sounder sa pangkalahatan? Mangyaring maging espesipiko hangga't maaari.

Paano ninyo inaasahang magbago ang pagbiyahe niyo kapag natapos na ang mga paghihigpit dulot ng COVID-19?

○ Babalik ako sa pagko-commute kagaya ng ginagawa ko noon bago magkaroon ng COVID-19.
○ Inaasahan ko na magiging mas kaunti ang pagko-commute ko at magte-telecommute ako nang part-time.
○ Inaasahan ko na magte-telecommute ako nang full-time.
○ Iba pa:

Gusto niyo bang sumagot ng ilang opsyonal na demograpikong tanong?

Makakatulong ang pagsasama ng impormasyon tungkol sa inyong sarili para maunawaan nang mas mabuti ng Sound Transit kung nakikipag-ugnayan kami sa populasyon na kinatawan ng komunidad.

● Oo

Manatiling nakikilahok!

Makilahok sa publiko at tumanggap ng mga balita tungkol so mga proyekto at oportunidad sa pamamagitan ng pag-sign up para sa mga email update ng aming proyekto sa ibaba.

Mag sign-up dito!

○ Hindi

Sa anong ZIP code ka nakatira?

Ilang taon ka na?

○ < 19
○ 19-24
○ 25-34
○ 35-49
○ 50-64
○ 65 o mas matanda

Ano ang iyong pagkakakilanlan sa kasarian?

○ Lalaki
○ Babae
○ Non-Binary
○ Mas gusto kong ilarawan ang sarili ko:
○ Mas gusto kong hindi sabihin

Kinikilala mo ba ang iyong sarili bilang isang Hispaniko o Latino/a/x, o Isang Espanyol?

○ Oo
○ Hindi

Kinikilala mo ba ang iyong sarili bilang (Pakilagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop)

☐ American Indian o Alaskan Native
☐ Asian o Asian American
☐ Puti
☐ Itim o African American
☐ Katutubong Hawaiian o Iba pang Pacific Islander
☐ Iba pa (pakitukoy):

Magkano ang kabuuang taunang kita ng iyong sambahayan?

○ Mas mababa sa $10,000
○ $10,000 hanggang $14,999
○ $15,000 hanggang $19,999
○ $20,000 hanggang $24,999
○ $25,000 hanggang $34,999
○ $35,000 hanggang $49,999
○ $50,000 hanggang $74,999
○ $75,000 hanggang $99,999
○ $100,000 hanggang $149,999
○ $150,000 hanggang $199,999
○ $200,000 o higit pa
○ Mas gusto kong hindi sabihin

Submit

Mga Pagpapabuti sa mga Daanan Papunta sa Istasyon ng Lakewood

Tulungang gabayan ang mga bagong pamumuhunan sa lugar ng Istasyon ng Lakewood

Ginagawang mas maayos ng Sound Transit ang mga daanan papunta sa Istasyon ng Lakewood para sa mga taong naglalakad, nagbibisikleta, nagmamaneho o sumasakay sa transit. Nasa yugto kami ng maagang pagpaplano, at tinitingnan namin ang maraming paraan para mapabuti ang mga koneksyon sa Istasyon ng Lakewood, at kailangan namin ang inyong ideya! Paano mas mapapadali ng Sound Transit ang pagpunta sa panrehiyong transit sa Lakewood?

Lugar sa Istasyon ng Lakewood



Mapa ng lugar na malapit sa Istasyon ng Lakewood | I-click para lumaki

Istasyon ng Lakewood ngayon

Ang istasyon na ito ay nagsisilbing pangunahing punto sa panrehiyong paglilipat, na nagkokonekta ng mga biyahero mula South Pierce County papunta sa mga destinasyon sa hilaga.

Istasyon:

- 600 espasyong paradahan
- Sineserbisyuhan ng panrehiyong transit, kasama ang mga ruta ng ST Express na 580 (Puyallup - Lakewood), 592 (Dupont - Seattle) at 594



Tungkol sa serbisyo ng Sounder sa Istasyon ng Lakewood

Lunes hanggang Biyernes:

Maaasahan, walang trapikong serbisyo na nagkokonekta ng Lakewood sa Seattle.

Sa hinaharap:

Kapag ligtas nang makakabalik ang mga sports event at iba pang pampublikong event, ang mga tren ng Sounder para sa espesyal na event ang pinakamagandang paraan para makapunta doon. Maghanap ng piling serbisyo para sa mga palaro sa katapusan ng linggo ng Mariners, Sounders FC at Seahawks, at marami pang iba.

Alam mo ba?

7 biyahe sa umaga at gabi mula Lunes hanggang Biyernes

400 pasahero araw-araw

75 minuto mula sa Lakewood→ Seattle

(Lakewood/Tacoma-Seattle), pati na rin ang Intercity Transit
- Mga bicycle locker at rack
- Sakayan/babaan ng pasahero
- Kalapit: Mga bloke mula sa Ruta 206 ng Pierce Transit, na sineserbisyuhan ang mga kapitbayahayan sa pagitan ng Lakewood at Madigan Army Medical Center

Kalapit na mga proyekto:

- Alamin ang tungkol sa Plano sa Distrito ng Subarea sa Istasyon ng Lakewood (Lakewood Station District Subarea Plan).
- Mga Pagpapabuti sa 111th/112th Street SW: Ang Lungsod ng Lakewood, na may kontribusyong pondo mula sa Sound Transit, ay nagtatayo ng mga bangketa, daanan ng bisikleta, mga ilaw, at iba pang pagpapabuti sa 112th Street SW at 111th Street SW sa pagitan ng Bridgeport Way SW at Kendrick Street SW.

Kailangan namin ang inyong ideya -



Tanawin mula sa itaas ng Istasyon ng Lakewood | I-click para lumaki

Ang unang hakbang sa pagpapabuti ng mga daanan papunta sa Istasyon ng Lakewood ay ang pagtukoy ng mga pagpapabuting makakasuporta sa komunidad at naaakma sa kapitbahayan. Paano kayong mas madaling makakarating sa istasyon, o sa mga lugar sa paligid ng istasyon? Pakitulungan kami sa pamamagitan ng pagsagot sa survey sa ibaba hanggang Abril 20 para masabi sa amin ang tungkol sa inyong mga priyoridad.

Magkomento sa mga daanan papunta sa Istasyon ng Lakewood 💬

Nakasakay ka na ba sa transit mula sa Istasyon ng Lakewood?

☐ Nakasakay na ako sa Sounder sa istasyon
☐ Nakasakay na ako sa mga bus ng ST Express sa istasyon
☐ Nakasakay na ako sa mga bus ng Intercity Transit sa istasyon

Paano magiging mas madali at mas ligtas para sa inyo ang paglalakad, o pagsakay sa kapitbahayan?

Manatiling nakikilahok!

Makilahok sa publiko at tumanggap ng mga balita tungkol so mga proyekto at oportunidad sa pamamagitan ng pag-sign up para sa mga email update ng aming proyekto sa ibaba.

Mag sign-up dito!



Mayroon ba kayong anumang hamon o obserbasyon na gusto ninyong ibahagi tungkol sa pagpunta at pag-alis mula sa istasyon na ito, o tungkol sa pagsakay sa Sounder sa pangkalahatan? Mangyaring maging espesipiko hangga't maaari.

Paano ninyo inaasahang magbago ang pagbiyahe ninyo kapag natapos na ang mga paghihigpit dulot ng COVID-19?

- ○ Babalik ako sa pagko-commute kagaya ng ginagawa ko noon bago magkaroon ng COVID-19.
- ○ Inaasahan ko na magiging mas kaunti ang pagko-commute ko at magte-telecommute ako nang part-time.
- ○ Inaasahan ko na magte-telecommute ako nang full-time.
- ○ Iba pa:

Gusto niyo bang sumagot ng ilang opsyonal na demograpikong tanong?

Makakatulong ang pagsasama ng impormasyon tungkol sa inyong sarili para maunawaan nang mas mabuti ng Sound Transit kung nakikipag-ugnayan kami sa populasyong kinatawan ng komunidad.

- ● Oo
- ○ Hindi

Sa anong ZIP code ka nakatira?

Ilang taon ka na?

- ○ < 19
- ○ 19-24
- ○ 25-34
- ○ 35-49
- ○ 50-64
- ○ 65 o mas matanda

Ano ang iyong pagkakakilanlan sa kasarian?

- ○ Lalaki
- ○ Babae
- ○ Non-Binary
- ○ Mas gusto kong ilarawan ang sarili ko:
- ○ Mas gusto kong hindi sabihin

Kinikilala mo ba ang iyong sarili bilang isang Hispaniko o Latino/a/x, o Isang Espanyol?

- ○ Oo
- ○ Hindi

Kinikilala mo ba ang iyong sarili bilang (Pakilagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop)

☐ American Indian o Alaskan Native
☐ Asian o Asian American
☐ Itim o African American
☐ Katutubong Hawaiian o Iba pang Pacific Islander
☐ Puti
☐ Iba pa (pakitukoy):

Magkano ang kabuuang taunang kita ng iyong sambahayan?

○ Mas mababa sa $10,000
○ $10,000 hanggang $14,999
○ $15,000 hanggang $19,999
○ $20,000 hanggang $24,999
○ $25,000 hanggang $34,999
○ $35,000 hanggang $49,999
○ $50,000 hanggang $74,999
○ $75,000 hanggang $99,999
○ $100,000 hanggang $149,999
○ $150,000 hanggang $199,999
○ $200,000 o higit pa
○ Mas gusto kong hindi sabihin

Submit

Matuto pa

Ano ang susunod?

- Ibabahagi namin ang narinig namin mula sa inyo sa buod ng pakikipag-ugnayan. Makakatulong sa amin ang inyong ideya para matukoy at masuri ang potensyal na mga pagpapabuti.
- Inaasahan naming maibahagi ang draft na listahan ng mga pagpapabuti para mapag-isipan niyo ito sa kalaunan ng taong ito. Pagkatapos, pipili ng mga pagpapabuti ang Sound Transit Board para sa karagdagang pag-aaral.

Gayunman, maaaring magbago ang kasalukuyan naming timeline. Dahil sa recession na idinulot ng COVID-19, lubhang nabawasan ang kitang inaasahan ng Sound Transit para sa pagpapalawak ng ating panrehiyong sistema ng transit, habang patuloy na tumataas ang mga gastusin sa real estate at konstruksyon sa ating lugar.

- Sa pamamagitan ng prosesong tinatawag na realignment o muling pag-aayon, nagsisikap ang Lupon para matukoy kung paano kailangang baguhin ang mga plano at iskedyul para sa maraming proyekto, kabilang ang Mga Pagpapabuti sa Daanan Papunta sa mga Istasyon ng South Tacoma at Lakewood para matugunan ang mga pressure sa pinansyal na ito.
- Inaasahang mapagpapasiyahan ng Sound Transit Board ang tungkol sa muling pag-aayon ng mga iskedyul at plano ng proyekto sa tag-init ng 2021. Abangan ang pagkakataong pag-isipan ang muling pag-aayon sa Abril. Alamin ang higit pa dito.

Tungkol sa Sounder



I-click para lumaki

Pinagsisilbihan ng mga tren ng Sounder ang mga istasyon ng South Tacoma at Lakewood. Ang serbisyo para sa Istasyon ng Lakewood ay mula sa ST Express bus at Intercity Transit.

Tumatakbo ang mga tren ng Sounder South sa pagitan ng Lakewood at downtown Seattle sa panahon ng mga oras ng pagpaparoo't parito tuwing Lunes hanggang Biyernes, na may pitong hintuan na madaraanan. Kapag bumalik na ang malalaking pambublikong event, ibabalik rin ng Sounder ang espesyal na serbisyo nito sa mga piling sporting event na ginaganap sa katapusan ng linggo, mga kombensyon at mga pagdiriwang.

Tatagal nang 75 minuto ang biyaheng maayos, komportable at may Wi-Fi mula sa Istasyon ng Lakewood hanggang sa Istasyon ng King Street sa Seattle. Aabutin ng mga 70 minuto ang biyahe sa pagitan ng South Tacoma at Seattle.

Iskedyul (Lunes hanggang Biyernes) ng Lakewood papunta sa Seattle (southbound)

Tren	Lakewood	S. Tacoma	Tacoma Dome	Puyallup	Sumner	Auburn	Kent	Tukwila	Seattle
1500	4:36am	4:41am	4:50am	5:03am	5:08am	5:18am	5:25am	5:32am	5:52am
1502	5:01am	5:06am	5:15am	5:28am	5:33am	5:43am	5:50am	5:57am	6:17am
1504	5:26am	5:31am	5:40am	5:53am	5:58am	6:08am	6:15am	6:22am	6:42am
1506	5:46am	5:51am	6:00am	6:13am	6:18am	6:28am	6:35am	6:42am	7:02am
1508	6:06am	6:11am	6:20am	6:33am	6:38am	6:48am	6:55am	7:02am	7:22am
1510	6:26am	6:31am	6:40am	6:53am	6:58am	7:08am	7:15am	7:22am	7:42am
1512	6:46am	6:51am	7:00am	7:13am	7:18am	7:28am	7:35am	7:42am	8:02am
1516	:	:	7:50am	8:03am	8:08am	8:18am	8:25am	8:32am	8:52am
1524	:	:	5:15pm	5:27pm	5:32pm	5:42pm	5:49pm	5:56pm	6:16pm

Iskedyul (Lunes hanggang Biyernes) ng Seattle papunta sa Lakewood (southbound)

Tren	Seattle	Tukwila	Kent	Auburn	Sumner	Puyallup	Tacoma Dome	S. Tacoma	Lakewood
1503	6:35am	6:48am	6:55am	7:02am	7:12am	7:17am	7:36am	:	:
1511	3:35pm	3:48pm	3:55pm	4:02pm	4:12pm	4:17pm	4:30pm	4:39pm	4:51pm
1513	3:55pm	4:08pm	4:15pm	4:22pm	4:32pm	4:37pm	4:57pm	:	:
1515	4:15pm	4:28pm	4:35pm	4:42pm	4:52pm	4:57pm	5:10pm	5:19pm	5:31pm
1517	4:35pm	4:48pm	4:55pm	5:02pm	5:12pm	5:17pm	5:30pm	5:39pm	5:51pm
1519	4:55pm	5:08pm	5:15pm	5:22pm	5:32pm	5:37pm	5:50pm	5:59pm	6:11pm
1521	5:20pm	5:33pm	5:40pm	5:47pm	5:57pm	6:02pm	6:15pm	6:24pm	6:36pm
1523	5:45pm	5:58pm	6:05pm	6:12pm	6:22pm	6:27pm	6:40pm	6:49pm	7:01pm
1525	6:30pm	6:43pm	6:50pm	6:57pm	7:07pm	7:12pm	7:25pm	7:34pm	7:46pm

Mga kaugnay na proyekto

- Amtrak Cascades
- Mga diskuwento ng pamasahe sa Lower Sounder
- DuPont Sounder Extension
- Tacoma Dome Link Extension
- Hilltop Tacoma Link Extension

May mga tanong? Makipag-ugnayan sa amin:

Melanie Mayock
Telepono: 206-689-4877
Email: melanie.mayock@soundtransit.org
Web: South Tacoma, Lakewood

Kailangan ng tulong online o sa personal na event?

Mga Tanong sa tungkol sa Pag-Access:
Telepono: 1-800-201-4900, TTY Relay 711
Email: main@soundtransit.org
Lunes - Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m.

Karagdagang serbisyo:

Mga Karaniwang Tanong ng mga Pasahero:
Telepono: 1-888-889-6368, TTY Relay 711
Email: main@soundtransit.org
Lunes - Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m.

Tumawag o mag-text sa Security 24/7: 206-398-5268

Protected by **reCAPTCHA**
Privacy - Terms

Copyright ©2021 Sound Transit

SoundTransit

I-share ang site na ito sa iba

I-follow kami